

Hello mula sa Democratic Republic of the Congo!

Ang D. R. Congo ay nasa gitnang Aprika. Humigit-kumulang 80 milyong tao ang nakatira roon.



Hi, kami sina Margo at Paolo!

Binibisita namin ang Democratic Republic of the Congo, o D. R. Congo.



Ang malaking bahagi ng D. R. Congo ay natatakpan ng kagubatan. Nagsisilbi itong tahanan ng maraming iba't ibang uri ng nakakawiling mga hayop, tulad ng mga elepante, gorilya, at rhino. Ang hayop na ito ay tinatawag na okapi.



Kilala ang D. R. Congo dahil sa magaganda nitong tradisyunal na sining, gaya ng mga estatwang kahoy, hinabing basket, at maskara.



Sa D. R. Congo, karamihan sa mga tao ay nagsasalita ng French sa simbahan. Lyon ang opisyal na wika ng bansa. Pero may halos 250 pang ibang mga wika na sinasalita sa D. R. Congo!



Ang mga missionary mula sa ating simbahan ay nagsimulang magturo sa mga tao sa D. R. Congo noong 1986. Ngayon, halos 60,000 katao doon ang kabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.



Ngayong taon, nagkaroon ang D. R. Congo ng una nitong templo! Tuwang-tuwa ang mga miyembro ng Simbahan doon na may templo na sa kanilang bansa.

Salamat sa paglalakbay sa D. R. Congo kasama namin. Hanggang sa muli!

Kilalanin ang ilan sa ating mga kaibigan mula sa D. R. Congo!



"Isang araw ng Linggo, maraming nagkalat na sundalo sa paligid, at sinabi ng aking mga magulang na mahihirapan kaming magpunta sa Simbahan. Sinabi ko sa aking mga magulang na dapat kaming dumalo kahit sa sacrament meeting man lamang. Magkakasama kaming nagpakita ng pananampalataya at nagsimba upang igalang ang araw ng Panginoon."

Prodi K., edad 7, Kinshasa, Democratic Republic of the Congo



"Gustung-gusto ko ang pagtulong sa iba. Isang araw sa aking klase, may isang batang malungkot dahil wala siyang makain. Pinuntahan ko siya at hinatian ko siya ng baon kong pagkain."

Célia Tshidibi K., edad 5, Kinshasa, Democratic Republic of the Congo

Nakatira ka ba sa D. R. Congo? Sulatan mo kami! Masaya kaming makarinig mula sa iyo. Tingnan sa pahina K24.

